# Joy B nanguna sa human milk fund raising drive sa QC

Bilang pagdiriwang sa National Breastfeeding Month ngayong Agosto, pinangunahan ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang isang human milk bank fundraising program na nagkakaloob ng tulong sa mga sanggol at bata na nangangailangan ng gatas ng ina.

"Nagliligtas ng mga buhay ang human milk bank ng Quezon City. Bilang suporta rito, kumakalap kami ng pondo para sa ating milk bank na nasa Quezon City General Hospital na tumutulong sa mga nanganganib na mga sanggol," wika ni Belmonte.

Sa pakikipagtulungan sa Quezon City Human Milk Bank (QCHMB), nag-organisa ang Sangguniang Panlungsod ng raffle at ukay-ukay sa Quezon City Hall sa buong linggo kaalinsabay ng "milk-letting activity" na isinagawa sa Quezon City General Hospital.

Bilang pinuno ng QC Council, pinangasiwaan ni Belmonte noong 2012 ang pagpasa ng Ordinance No. 2195 para sa pagpapatayo ng "human milk banks" sa mga ospital na pagmamay-ari ng lunsod.

Bukod dito, naipasa rin ang Ordinance No. 2076 noong 2011 na nagtataguyod ng kahalagahan ng breastfeeding sa lungsod upang madepensahan ang karapatan ng mga bata na magkaroon ng sapat na nutrisyon.

Kaugnay nito, sinabi ni QC Councilor Alyson Medalla, ang may-akda ng milk bank ordinance, na ang fundraising na ito ay hindi lamang para matulungan ang naturang ospital pero layon din na maipaalam sa publiko ang importansya ng pagkakaroon ng "human milk bank". *(Angie dela Cruz)*